

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang iligtas ka. Hilingin na lumalim pa ang relasyon mo sa Kanya.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang kaluwalhatian Niya at ipaunawa ang kabutihan at awa na ipinakita Niya sa iyo. Ipanalangin na magawa rin nitong baguhin ka at gawing mabuti at maawain sa iba.
- Ipanalangin na maunawaan ng mga kaibigan at kapamilya mo ang kapayapaan at pagtanggap na ibinibigay ng Diyos. Ipanalangin na sila rin ay magkaroon ng personal na relasyon kay Jesus.

NOTES

REDISCOVERING CHRISTMAS

FILIPINO WEEK 2

Si Jesus na Hari Para sa Lahat

WARM-UP

- Nagugustuhan mo ba kung ipinapa-alam ng mga tao ang pagdating mo sa isang salu-salo o pagtitipon? Bakit oo o bakit hindi?
- Naramdaman mo na ba na parang hindi ka napapabilang sa grupo na kasama mo? Ikuwento kung ano ang nangyari.
- Ano ang mas ikinasisiya mo? Ang magbigay ng regalo o ang makatanggap ng regalo? Bakit?

WORD

¹⁰Pero sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot dahil naparito ako upang sabihin sa inyo ang magandang balita na magbibigay ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. ¹¹Sapagkat isinilang ngayon sa Betlehem, sa bayan ni Haring David, ang inyong Tagapagligtas, ang Cristo na siyang Panginoon. **LUCAS 2:10,11**

(Basahin din ang **LUCAS 2:1-18.**)

Si Lucas, na hindi Hudyo, ay nabuhay noong panahon na wala nang mas makapangyarihan pa kaysa sa Emperador ng Roma. Naiintindihan ng mga Hudyo at hindi Hudyo na ang emperador ay dapat ituring na parang diyos. Nang ipahayag ng mga anghel ang kapanganakan ni Jesus, ipinahayag nila ang pagdating ng taong mas makapangyarihan pa sa emperador. Ang batang ito ang *Tagapagligtas, ang Cristo na siyang Panginoon*. Ngayon, titignan natin hindi lamang kung paano dumating si Cristo, ayon sa ebanghelyo ni apostol Lucas, kundi maging ang mga dahilan kung bakit Siya pumarito.

1 Ang Hari na Walang Lugar

Isinilang niya ang panganay niya, na isang lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa sabsaban, dahil walang lugar para sa kanila sa mga bahay-panuluyan. **LUCAS 2:7**

Nang gabing ipinanganak si Jesus, inihiga Siya ng kanyang ina sa sabsaban *dahil walang lugar para sa kanila sa mga bahay-panuluyan*. Bagamat si Jesus ang Cristo na Hari ng lahat, dumating Siya bilang isang sanggol na walang kakayahan at hindi nagpapakita ng ganap Niyang karangalan, awtoridad, at kapangyarihan. Bakit dumating si Jesus sa ganitong paraan? Paano nito ipinapakita na Siya ay hari para sa lahat?

.....

.....

2 Mga Anghel at mga Pastol

⁸*Malapit sa Betlehem, may mga pastol na nasa parang, at nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa.* ⁹*Biglang nagpakita sa kanila ang isang anghel ng Panginoon, at nagningning sa paligid nila ang nakakasilaw na liwanag ng Panginoon. Ganoon na lang ang pagkatakot nila . . .* **LUCAS 2:8,9**

Ang anghel ng Panginoon ay nagpakita hindi sa mga makapangyarihan o maimpluwensiyang tao, kundi sa mga pastol. Ang mga pastol ay karaniwang hindi inuuna sa imbitasyon ng isang hari, ngunit sila ang unang sinabihan ng kapanganakan ni Cristo. Dito ay makikita natin na walang hindi maaaring lumapit kay Jesus. Paano mababago ng katotohanang ito ang pagkakakilala at paglapit mo sa Diyos?

.....

.....

3 Papuri sa Diyos at Kapayapaan sa Lupa

¹³*Pagkatapos magsalita ng anghel, biglang nagpakita ang napakaraming anghel at sama-sama silang nagpuri sa Diyos. Sinabi nila,* ¹⁴*“Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!”* **LUCAS 2:13,14**

Ang pagdating ni Jesus ay inihayag hindi lamang ng isang anghel kundi ng *napakaraming anghel na sama-samang nagpuri sa Diyos* at naghayag ng *kapayapaan sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya*. Gusto ng Diyos na makilala Siya ng lahat ng tao at na maranasan nila ang Kanyang kapayapaan. Paano nabago ang buhay mo at ang pagbibigay mo ng karangalan sa Diyos nang maranasan mo ang kapayapaan mula sa Kanya?

.....

.....

APPLICATION

- Walang sinuman ang hindi maaaring lumapit kay Cristo. Gusto mo bang magkaroon ng ugnayan sa Kanya? Hilingin sa isang taong kakilala mo na samahan kang ipanalangin ito.
- May bahagi ba ng buhay mo kung saan kailangan mong maranasan ang kapayapaan ng Diyos? Makipag-usap sa isang taong nakakakilala sa Diyos tungkol dito at hilingin sa kanya na ipanalangin ka.
- May kaibigan o kapamilya ka ba na kailangang maintindihan ang kapayapaan na nagmumula kay Jesus. Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang maibahagi si Jesus sa taong ito.